ANG KAHULUGAN NG KRUS



Mga Repleksyon sa Pagtanggi sa Sarili at Pagsasakripisyo sa Pag-ibig sa Buhay ni Kristo

E.J. WAGGONER

Ang Kahulugan ng Krus

E.J. Waggoner

Present Truth UK
June 12, 1902

Inilimbag ng

MARANATHA
MEDIA

maranathamedia-philippines.com

Agusto 2026

PANIMULA

Ipinakilala ni Elder Waggoner ang isang mahalagang prinsipyo kaugnay ng krus. Sinabi niya:

> Ang krus ay hindi isang natatanging bagay, na nakatayo nang mag-isa, kundi ang pagpapahayag ng lahat ng batas ng buhay. Hindi ito isang bagay na nilikha ng Diyos pagkatapos ng pagbagsak ng tao, kundi ang pagpapatuloy ng kung paano nilikha ang tao. Hindi ito isang bagay na naisip lamang sa bandang huli, kundi ang orihinal na kaisipan ng Diyos, at ang kabuuan ng Kanyang kaisipan mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan.

Ang krus ay hindi isang biglaang hakbang upang tugunan ang isang krisis. Hindi rin ito isang bagay na inisip o binuo lamang bilang isang arbitraryong tugon sa kasalanan. Ito ay ang walang hanggang simulain ng buhay ng Diyos na itinatanggi ang sarili, na ipinahayag sa pamamagitan ng sangnilikha.

Ito ang sikreto ng pagtulog ni Adan sa hardin bago pa man nilikha si Eba. Ang pagtulog ay kumakatawan sa kamatayan, isang kamatayan sa sarili upang magbunga ng buhay. Ito ay isang kamatayan dahil ang pagbibigay-buhay sa iba ay may kasamang panganib, at ang anumang pagdurusa ng taong nilikha ay nagdudulot ng kalungkutan at pagdurusa sa taong nagbigay nito.

Nang ipanganak ng Diyos ang Kanyang Anak, itinanggi Niya ang Kanyang sarili, at dumanas ng lahat ng posibleng pagdurusa na darating sa Kanyang Anak. Kapag tayo bilang mga magulang ay may mga anak, tayo ay malapit na konektado sa kanila at dumaranas ng kaga-

lakan at sakit na kanilang pinagdadaanan. Ito ay isang krus na dapat pasanin.

Kaya naman, ang kamatayan ni Hesus sa krus ay ang pagdakila ng isang walang hanggang prinsipyo, ang pagbibigay ng sarili sa iba para sa kanilang kapakinabangan at pagpapala.

Ang mga kaisipan ni Waggoner ay lubos na sinusuportahan ng isang bagay na isinulat ni Ellen White apat na taon na ang nakalilipas at posibleng kung saan nakakuha si Waggoner ng pahiwatig o ideya para sa kanyang isinulat:

> Ang plano para sa ating katubusan ay hindi isang huling naisip, isang planong binuo pagkatapos ng pagkahulog ni Adan. Ito ay isang paghahayag ng "misteryo na iningatang tahimik sa mga panahong walang hanggan." Roma 16:25, R. V. Ito **ay isang pagbubunyag ng mga prinsipyo na mula pa sa walang hanggang panahon ay naging pundasyon ng trono ng Diyos**. Desire of Ages 22.2

Ang talatang ito sa Desire of Ages ay kasunod ng mga salitang ito sa nauna:

> Madilim ang lupa dahil sa maling pagkaunawa sa Diyos. Upang maliwanagan ang madilim na mga anino, upang ang sanlibutan ay maibalik sa Diyos, ang mapanlinlang na kapangyarihan ni Satanas ay dapat masira. **Hindi ito magagawa sa pamamagitan ng pamimilit o puwersa. Ang paggamit ng puwersa ay salungat sa mga prinsipyo ng pamamahala ng Diyos; Ang nais lamang Niya ay ang paglilingkod ng pag-ibig; at ang pag-ibig ay hindi maa-**

> **aring utusan; hindi ito maaaring makuha sa pamamagitan ng puwersa/pamimilit o awtoridad. Sa pamamagitan lamang ng pag-ibig nagising ang pag-ibig**. Ang pagkilala sa Diyos ay ang pagmamahal sa Kanya; ang Kanyang karakter ay dapat maipakita na kabaligtaran ng karakter ni Satanas. Desire of Ages 22.1

Ang mga salitang ito ay muling nagpapatunay na totoo ang prinsipyong hindi humingi ang Diyos ng dugo bilang kabayaran sa ating mga kasalanan, at nagbibigay ng tamang konteksto para sa kasunod na talata kung anong mga prinsipyo ang inilalahad na siyang pundasyon ng trono ng Diyos.

Adrian Ebens

Ang Kahulugan ng Krus

The Present Truth June 12, 1902

E. J. Waggoner

" Bakit nga ba sinasabing 'kung walang pagbubuhos ng dugo ay walang kapatawaran'? Bakit hindi maililigtas ng Diyos ang mga tao kung hindi namamatay si Cristo?"

Sa tanong na ito, naantig mo ang pinakasentro ng Ebanghelyo, at, sa katunayan, ang gawain ng paglikha, ang lihim ng lahat ng pag-iral. Ito ay isang malungkot na katotohanan, ngunit isang katotohanan, na kakaunti lamang ang mga nagpapakilalang Kristiyano ang nakakaalam ng mga tunay na prinsipyo, ang mga pangunahing katotohanan, ng Ebanghelyo. Hindi ko ibig sabihin dito na wala silang alam tungkol sa Ebanghelyo; na hindi pa sila kailanman nakilala ang Panginoon at natutong kumuha ng lakas mula sa Kanya; ngunit ang ibig kong sabihin ay para sa napakaraming tao ay mayroong kalabuan, isang kalabuan, sa Ebanghelyo, at tila sa kanila ay isang kumplikadong bagay, kung ito ay ang pagiging simple mismo. Ginugugol natin ang halos lahat ng ating buhay sa pagbabalik sa simula. Kinakailangan na magsimula tayo sa simula, Kaya narito ang isang tila magkasalungat na katotohanan, na ang pagbabalik sa simula ang tanging paraan upang makagawa ng tunay na pagsulong. Ngunit napakatagal ng karamihan sa atin upang makabalik sa simula, upang magsimula bilang maliliit na bata, upang matutunan ang alpabeto ng Kristiyanismo, na medyo kakaunti ang nakaunawa sa ganap na pagiging simple ng Ebanghelyo, at sa kamanghamang-hang kabuuan na nasa pagiging simple na iyon; sapagkat may isang maluwalhating

katotohanan: kung gayon ay tunay na narating na natin ang pasimula at taglay na natin ang kabuuan; sapagkat siya na siyang pasimula ay siya ring wakas. Kay Cristo nakatago ang lahat ng kayamanan ng karunungan at kaalaman.

ANG KRUS ANG PAGPAPAHAYAG SA DIYOS

Kung sasagutin ko ang tanong mo sa sarili kong mga salita, masasabi kong ibinuhos ni Cristo ang Kanyang dugo dahil hindi Niya magagawa ang iba at maging Siya mismo. Nasa Kanyang likas na katangian na dapat Siyang mamatay sa pamamagitan ng Pagbibigay—ang pagbibigay ng buhay—ang batas ng uniberso. Sa pamamagitan nito ay umiral ang buong nilikha, at sa parehong paraan ay itinataguyod ito. **Ang krus ay hindi isang natatanging bagay, na nakatayo nang hiwalay sa kanyang sarili, kundi ang pagpapahayag ng lahat ng batas ng buhay. Hindi ito isang bagay na nilikha ng Diyos pagkatapos ng pagbagsak ng tao, kundi ang pagpapatuloy ng kung paano nilikha ang tao. Hindi ito isang kaisipan lamang, kundi ang orihinal na kaisipan ng Diyos, at ang kabuuan ng Kanyang kaisipan mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan**. Ang mga pangyayari sa Kalbaryo ay isang aral, upang ipakita sa sangkatauhan kung ano ang patuloy na ginagawa ng Diyos para sa Kanyang mga nilalang; dito natin matatagpuan ang pagka-Ama ng Diyos na inihahayag.

Pagsamahin natin ang dalawang teksto ng Kasulatan. Ang una ay ang Jeremias 9:23,24: "Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag magmapuri ang pantas sa kaniyang karunungan, ni magmapuri man ang makapangyarihang tao sa kaniyang kapangyarihan, huwag magmapuri

ang mayaman sa kaniyang kayamanan; kundi magmapuri ang nagmamapuri sa ganito, na kaniyang nauunawa at nakikilala ako, na ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan, at katuwiran: sapagka't sa mga bagay na ito ay kinalulugdan ko, sabi ng Panginoon." Ang pangalawang teksto ay ang Galacia 6:14: "Huwag nawang ipagmapuri ng Dios, maliban na sa krus ng ating Panginoong Jesucristo, na sa pamamagitan niyaon ang sanglibutan ay napako sa krus para sa akin, at ako'y para sa sanglibutan."

Ang parehong mga tekstong ito ay kinasihan ng iisang Espiritu ng Diyos, at samakatuwid ay ganap na magkakasundo. Sinasabi ng una na hindi tayo dapat magpuri sa anumang bagay maliban sa kaalaman ng Diyos—sa kaalaman na sa buong mundo ay gumagawa Siya ng kagandahang-loob, paghatol, at katuwiran. Itinuturo ng pangalawa na wala tayong dapat ipagmalaki maliban sa krus ni Cristo. **Samakatuwid, maliwanag na ang krus ang nagpapakilala sa atin sa Diyos; na sa krus, at doon lamang (dahil hindi tayo dapat magpuri sa anumang bagay), nakikita natin ang kagandahang-loob, paghatol, at matuwid na pakikitungo ng Diyos.** Ngunit "ang lupa ay puno ng kagandahang-loob ng Panginoon" (Mga Awit 103:5), at samakatuwid alam natin na sa buong mundo ay matatagpuan natin ang krus. Saanman mayroong buhay at pag-ibig,—ang buhay na pag-ibig—naroon ang krus ni Cristo.

PAGANISMO SA GITNA NG MGA KRISTIYANO

Kung kaya't hindi nakikita ng isang tao ang krus sa tunay nitong liwanag, at hindi nauunawaan ang kahulugan nito, ay dahil sa kaku-

langan nila ng kaalaman tungkol sa Diyos. Ang katotohanan na napakaraming nagpapanggap na Kristiyano ang hindi nakakaintindi kung bakit hindi kayang iligtas ng Diyos ang mga tao nang walang kamatayan sa krus, at ang tanong tungkol sa pagbabayad-sala ay nananatiling isang problema sa mga teologo, ay nagpapakita na ang krus, at samakatuwid ang kalikasan at katangian ng Diyos, ay hindi nila nauunawaan; at nangangahulugan ito na mayroong napakakalaking paganismo sa nagpapanggap na simbahan ni Cristo; sapagkat ang mga pagano ay ang mga hindi nakakakilala sa Diyos. Maraming antas ng paganismo, na nag-uuri mula sa ganap na kamangmangan sa Diyos, at sa gayon ay ang pinakamatinding pagkababa, at hanggang sa puntong nasa ibaba lamang ng ganap na pangitain ng kaluwalhatian ng Diyos na may mga mukha na walang talukbong, at sa gayon ay ganap na paglaya mula sa pagkaalipin ng kabulukan tungo sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos.

Ang nagpapatuloy na paganismo sa simbahan ay nakikita sa karaniwang kaisipan tungkol sa Diyos, na ipinapahayag sa sumusunod na linya na madalas inaawit:-

"Ang Diyos ko ay nakipagkasundo na."

Ang ideya na si Cristo ay namatay upang payapain ang poot ng Diyos, at upang makipagkasundo sa Kanya sa makasalanang tao, ay lubos na hindi sakop ng Kasulatan, at lubhang nakasisira ng puri sa Diyos. Ang Diyos ay itinuturing na parang taong hindi pa isinisilang muli, na naghahangad ng paghihiganti, at hindi nasisiyahan pagkatapos ng anumang pagkakasala, na walang biktima ng Kanyang poot. **Ang ideya ay isang pagkakasala ang nagawa, kaya't ang isang tao ay dapat parusahan, dapat mamatay; kahit sino pa man ito, upang maisakatuparan ang kanyang mga kasalanan, at**

mapawi ang Kanyang galit sa pamamagitan ng dugo. Ito ay tinatawag na Pagbabayad-sala! Sa kabaligtaran, ito ay purong paganismo; ang ideya ay hindi maaaring ilarawan sa anumang ibang termino maliban sa mala-diyablo, dahil inilalarawan nito ang katangian ni Satanas, at hindi ng Diyos.

Ang paglaganap ng maling pananaw na ito tungkol sa Diyos ang dahilan kung bakit napakaraming tao ang natatakot sa Kanya, at ang batayan ng mga tanong na madalas itanong, "Tatanggapin ba ako ng Diyos?" "Mapapatawad ba Niya ang aking mga kasalanan?" "Hindi ba ako nagkasala nang labis kaya't wala Siyang pakialam sa akin?" Ito ang dahilan ng halos pangkalahatang ideya na kailangan nating gumawa ng isang bagay, magsakripisyo, parusahan ang ating sarili sa anumang paraan, upang makamit ang Kanyang pabor. Ito ang dahilan kung bakit walang mas kusang pagtanggap sa Diyos at kaligtasan, at mas maraming kagalakan sa Kanya.

ANG DIYOS AY PAG-IBIG, AT SIYA AY NAGPAPAKIPAGKASUNDO

"Ang Diyos ay pag-ibig." 1 Juan 4:8. Iyan ang Kanyang kalikasan, ang Kanyang buhay. Siya ay Espiritu, at "ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pananampalataya, kaamuan, pagpipigil." Mga Taga-Galacia 5:22,23. Ang lahat ng mga bagay na ito ay nagmumula sa Pagkatao ng Diyos. Ang mga ito ang bumubuo sa Kanyang Pagkatao. Hindi Niya minamarkahan ang kasamaan, kundi may kapatawaran sa Kanya, upang Siya ay katakutan. Awit 130:3,4. **Hindi Siya ang maninira, kundi ang Tagapagligtas, at Tagapangalaga; at Siya ay nagliligtas sa pamamagitan ng krus, na nagpapakita ng kaloob ng Kanyang sarili. Sinasabi Niya sa mga makasalanan: "Ako ang**

Panginoon; hindi ako nagbabago; kaya't kayong mga anak ni Jacob ay hindi nalipol." Malakias 3:6. Siya ay may mas malinis na mga mata kaysa tumingin sa kasamaan, at hindi makatingin sa kasamaan (Habakuk 1:13); **Siya ang kasakdalan ng pag-ibig na "hindi nag-iisip ng masama," o, "hindi isinasaalang-alang ang masama" (1 Corinto 13:5); at samakatuwid ay sinabi tungkol sa Kanya sa pamamagitan ng inspirasyon ng Kanyang sariling Espiritu: "Hindi Siya nakakita ng kasamaan sa Jacob, ni nakakita man Siya ng kasamaan sa Israel**" (Mga Bilang 23:21), at sa kabila ng katotohanang ang Israel ay naghimagsik laban sa Kanya, at, pinili ang kanilang sariling daan, at bulag at matigas ang ulong tumangging kilalanin ang Kanyang presensya sa gitna nila. Ganyan ang mapagpahinuhod na kagandahang-loob ng ating Diyos. Ang Kanyang pangalan ay "Ang Panginoong Diyos, maawain at mapagbiyaya, mapagpahinuhod, at sagana sa kabutihan at katotohanan." Exodo 34:6.

"Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, kaya't ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak," at sa pagbibigay Niya sa Kanya ay ibinigay Niya ang Kanyang sarili at ang buong langit; sapagkat si Cristo ay ang pagpapakita lamang ng Diyos sa laman. "Walang taong nakakita sa Diyos kailanman; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, Siya ang nagpakilala sa Kanya." Juan 1:18. Sinabi ni Jesus: "Ang nakakita sa Akin ay nakakita sa Ama." Juan 14:9. "Siya na hindi ipinagkait ang Kanyang sariling Anak, kundi ibinigay Siya dahil sa ating lahat, paanong hindi Niya ibibigay sa atin nang walang bayad ang lahat ng mga bagay?" Roma 8:32.

"Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo'y umiibig sa Diyos, kundi tayo'y inibig niya, at sinugo ang kaniyang Anak upang maging pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan." 1 Juan 4:10. "Ipinagtatagubilin

ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin, na noong tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin. Lalong higit pa nga, ngayong inaaring-ganap na tayo sa pamamagitan ng kaniyang dugo, ay maliligtas tayo sa poot sa pamamagitan niya. Sapagka't kung, noong tayo'y mga kaaway, tayo'y pinakipagkasundo sa Diyos sa pamamagigitan ng kamatayan ng Anak, lubha pa nga, ngayong pinakipagsundo na tayo, ay maliligtas tayo sa pamamagitan ng kaniyang buhay." Mga Taga-Roma 5:8-10. "Ang lahat ng mga bagay ay sa Diyos, na siyang nagpakipagkasundo sa atin sa kaniyang sarili sa pamamagitan ni Jesucristo, at ibinigay sa atin ang ministeryo ng pakikipagkasundo, na sa makatuwid baga'y, ang Diyos kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa kaniyang sarili, na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan." 2 Corinto 5:18,19. **Ang poot ay pawang nasa ating panig, ang pag-ibig ay pawang mula sa Diyos.** *Hindi Niya isinasaalang-alang ang ating paghihimagsik, kundi ibinigay Niya ang Kanyang sarili sa atin, inaako ang lahat ng responsibilidad at lahat ng pagkakasala ng ating kasalanan, na ginagawang makasalanan ang Kanyang sarili, tayo ang walang sala: at dahil hindi Niya kailanman aariing walang sala ang nagkasala, hindi Niya ipinagkait nag Kanyang sarili; sapagkat dapat malaman na ang dugo ni Cristo na Anak ng Diyos ay dugo mismo ng Diyos, gaya ng mababasa natin sa payo ng apostol sa Mga Gawa 20:28: "Ingatan ninyo nga ang inyong mga sarili, at ang buong kawan, na sa kanila'y ginawa kayo ng Espiritu Santo na mga tagapangasiwa, upang pakainin ninyo ang iglesia ng Diyos, na binili Niya ng Kanyang sariling dugo*."

ANG BUHAY AY NAGMULA SA BUHAY

Ang krus ay isang pangangailangan, dahil ang buhay ay darating lamang sa pamamagitan ng pagbibigay ng buhay. Kinakailangan

para sa Diyos na ibigay ang Kanyang buhay sa atin, dahil wala tayong buhay sa ating sarili. "Sa Kanya tayo'y nabubuhay, at gumagalaw, at mayroon tayong pagkatao," "sapagkat tayo'y Kanyang mga anak." "Mayroong isang Diyos lamang, ang Ama, na siyang pinagmulan ng lahat ng mga bagay." 1 Corinto 8:6. "Panginoon, ikaw ang aming tahanan sa lahat ng henerasyon. Bago pa man nalabas ang mga bundok, o bago mo pa man nilikha ang lupa at ang sanlibutan, mula pa noong walang hanggan hanggang sa walang hanggan, ikaw ang Diyos." Awit 90:1,2. Walang nilikha sa sansinukob na hindi bunga ng buhay ng Diyos, at hindi nananatili sa pamamagitan ng patuloy na kaloob ng Kanyang buhay. Ang mga bagay na hindi nakikita ng Diyos, maging ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan at Pagka-Diyos, ay dapat madama sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa, at sa gayon ay malinaw na nahayag mula pa noong paglalang. Mga Taga-Roma 1:20. "Mula sa kanya, at sa pamamagitan niya, at sa kanya ang lahat ng mga bagay." Roma 11:36. "May isang Diyos at Ama ng lahat, na siyang sumasa ibabaw ng lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat." Efeso 4:6, R.V.

Hindi tayo kusang umiral; kaya naman ang Diyos, ang Kusang Umiral, ay dapat ibigay ang Kanyang buhay upang tayo ay malikha, at pagkatapos, matapos tayong ipanganak, dapat Niya tayong patuloy na ibigay ang Kanyang buhay, upang hindi tayo tuluyang mawalan ng buhay; at kapag tayo ay nagkasala, at naligaw mula sa Kanya, kung gayon ay mas kailangan na ipagkaloob ang buhay, upang maibalik sa atin ang Kanyang wangis. Kaya nakikita natin na ang krus ay simpleng pagpapakita lamang ng malikhaing kapangyarihan. Ito ay nagsisilbing isang paghahayag kung ano ang Diyos—ng Kanyang walang hanggang layunin at gawain. Ipinapa-

kita nito sa atin kung ano ang palaging ginagawa ng Diyos, at kung ano ang patuloy Niyang gagawin sa buong kawalang-hanggan.

ANG KRUS SA PAGLIKHA

"At nilalang ng Panginoong Dios ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay." Genesis 2:7. Hiningahan ng Dios ang tao ng Kaniyang sariling buhay, at sa pamamagitan ng buhay na yaon tayo ngayon ay nabubuhay.

Ngayon, kaugnay ng tekstong ito, ay ang mga sumusunod na salita tungkol kay Kristo. Siya ay nakabigti sa krus: "At si Jesus ay sumigaw ng malakas na tinig, at nalagot ang hininga." Marcos 15:37. Ang mga salitang "nalagot ang Kanyang hininga" ay nagmula sa iisang salitang Griyego (ekpneo), na literal na nangangahulugang huminga palabas o pumanaw. Ang salitang "nalagot ang hininga," isang karaniwang kasingkahulugan ng "mamatay," ay isang tambalang salitang Latin na nangangahulugang huminga palabas. Inilabas ni Hesus ang Kanyang hininga sa krus. Hindi ito sapilitan na kinuha sa Kanya, kundi kusang-loob Niya itong inialay, at sadyang inialay upang kunin Niya itong muli dahil may kakayahan Siyang ibigay ito at kunin itong muli. Juan 10:17, 18.

Natikman ni Hesus ang kamatayan para sa bawat tao. Hebreo 2:9. "Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo." Isaias 53:6. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay natatanggap natin ang buhay. "Tayo ay may katubusan sa pamamagitan ng Kanyang dugo." Mga Taga-Efeso 1:7. Ilahad natin ang kaso sa simpleng paraan: (1) Kinailangang magbigay ng buhay si Kristo sa sanlibutan; (2) Ang mamatay ay ang pagpanaw, ang pagbuga ng hininga; (3) Ang tao ay

may buhay sa pamamagitan ng paghinga sa buhay ng Diyos; (4) Kaya naman inilabas ni Kristo ang Kanyang buhay sa krus, upang ating malanghap ito. **Kaya nakikita natin na ang krus ay simpleng pagpapahayag lamang ng Lumikha na gumagawa, at sa krus ay nakikita natin ang Diyos na lumilikha ng tao, at hinihingahan ang kanyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay.** "Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y isang bagong nilalang," o, "mayroong isang bagong nilalang" (2 Corinto 5:17), gaya noong pasimula; at malinaw nating nakikita na **ang kapangyarihan ng krus ay kapareho ng kapangyarihan kung saan nilikha ang tao noong pasimula, at kung saan nabubuhay ang sangkatauhan ngayon.** Ang teknikal na nalalaman ng krus ay yaong nabubuhay ang lahat ng nilikha, at kung saan nilikha ang mga mundo.

"Alam mong hindi Siya namatay para sa Kanyang sarili, hindi Siya muling nabuhay;

Milyun-milyong kaluluwa ang nasa Kanyang puso, at ako ang pinili Niya;

Sa mga palad ng Kanyang butas na kamay ay nakaukit ang iyong pangalan,

Para sa iyong paglilinis ay inihanda Niya ang Kanyang tubig at ang Kanyang apoy.

Tiyak na ikaw ay nabuhay na kasama Niya, at ngayon ay kailangan mong lumabas kasama Niya,

At bibigyan Niya ang iyong maysakit ng kalusugan, ng lakas at kahalagahan ng mga pagsisikap."

Kaya naman, nakikita natin na ang "plano ng kaligtasan" ay hindi isang bagay na ginawa pagkatapos ng pagbagsak. Ang Ama at ang Anak ay hindi, gaya ng kung minsan ay tila iniisip, na nag-isip ng ilang paraan kung paano matubos ang nawawalang tao, at basta na lamang nanatili sa Krus; malayong-malayo iyon. Ang Diyos ay hindi nabigla at napilitang mag-imbento ng isang bagong bagay upang matugunan ang emergency o kagipitan; ngunit ang agos ng buhay na dumadaloy mula sa walang hanggan ay hindi binawi o tinalikuran, kundi patuloy pa ring dumadaloy. " Ang kasalanan ay ang paglabag sa batas." Ang paglabag ay nangangahulugang pagkaligaw; ito, wika nga, ay isang sagabal, isang bakod, na inilagay sa agos ng buhay, at ang kailangan upang maalis ito ay ang agos na ito ay patuloy na dumaloy. Kaya't Siya "ay nagligtas sa atin, at tumawag sa atin ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa Kanyang sariling layunin at biyaya, na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus bago pa man ang panahon ay nagsimula." 2 Timoteo 1:9. **Ang krus ay ang pagpapahayag ng "walang hanggang layunin" ng Diyos; ang pangangaral ni Cristo ay "ang paghahayag ng misteryo na itinago nang tahimik sa mga panahong walang hanggan."**

Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay nakikita sa paglikha; ibig sabihin, ang katotohanang nilikha ng Diyos ang lupa at ang mga naninirahan dito ay patunay na iyon ang Kanyang walang hanggang layunin; at samakatuwid ay lalong maliwanag na ang krus na ginamit upang matubos ang mga taong nahulog at ang naligaw na mundo ay ang pagsasakatuparan lamang ng walang hanggang layuning iyon. Kaya "Ang Israel ay maliligtas sa Panginoon ng walang hanggang kaligtasan: kayo'y hindi mapapahiya o malilito man magpakailan-

man. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha ng langit; ang Diyos na siyang nag-anyo ng lupa at gumawa nito; Kanyang itinatag ito, hindi Niya nilikha ito nang walang kabuluhan, Kanyang inanyuan ito upang tahanan: Ako ang Panginoon; at wala nang iba pa." Isaias 45:17,18.

ANG BINHI AT ANG BUNGA NITO

Ang lahat ng kalikasan ay nagbibigay ng mga paglalarawan ng maluwalhating katotohanang ito. Ang paghahasik ng binhi at ang paglaki ng halaman ay isa sa mga pinakakaraniwang penomeno, at isa na pinakamadalas gamitin sa Banal na Kasulatan upang ilarawan ang Ebanghelyo. Sa pagsasalita nang may direktang pagtukoy sa Kanyang pagpapako sa krus at muling pagkabuhay, sinabi ni Hesus, "Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban na ang isang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ito ay nananatili na mag-isa; ngunit kung ito ay mamatay, ito ay magbubunga ng marami." Juan 12:23,24.

Doon natin makikita ang sariling paglalarawan ni Kristo tungkol sa Kanyang kamatayan. Ang binhing naihasik ay hindi na muling lilitaw. Hindi ito nawawala, kundi ibinibigay ang buhay nito upang magbunga ng napakaraming nilalang na katulad niya. Ito, ayon sa salita ni Kristo, ay ang pagkamatay ng binhi, ngunit ito rin ay paglikha—ang paglikha ng isang napakaraming binhi. **Ganito ang nangyari kay Kristo, ang Binhi; ang paglikha ay sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, ang pagbibigay ng Kanyang buhay. Ang kamatayan ng binhi ay ang pagpaparami ng buhay nito.**

Ito ang batas ng sansinukob. May panahon noong unang panahon kung kailan nag-iisa ang Diyos. Walang nilalang na nakikibahagi sa kagalakan ng Kanyang pag-iral. Siya ay umiiral sa sarili, ngunit walang ibang nilalang na nagtataglay ng katangiang ito. Samakatuwid, ang Diyos ay hindi maaaring magkaroon ng kasama maliban sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang buhay upang lumikha ng iba. Kaya, bago pa man malikha ang mga mundo, sa paglikha ng "hindi mabilang na pangkat ng mga anghel"—ang mga anak ng Diyos—nakikita natin ang mga salitang, "Maliban na ang isang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ito ay mananatili nang mag-isa; ngunit kung ito ay mamatay, ito ay mamumunga ng marami." Ang paglikha ay sa pamamagitan ng Krus, at ang Krus, gaya ng nakikita natin, ay pagpapakita lamang ng malikhaing kapangyarihan ng Diyos.

KAMATAYAN ANG BUHAY NG BUBUYOG

Ang katotohanang ito ay binibigyang-diin sa kaso ng bubuyog. Isang katotohanang matagal nang naitatag na kapag ang reyna ng bubuyog ay "lumipad sa kasal," ang lalaking bubuyog na nagtagumpay sa paglayo sa kanyang mga kasama at pakikipag-isa sa kanya, ay namamatay sa mismong pangyayari. Mula ngayon, siya ay umiiral na lamang sa kanya at sa karamihan ng iba pang mga bubuyog na isinilang nito mula sa binhing idineposito ng isang gawaing panganganak. Ang binhi, ang mahalagang bahagi ng bubuyog, ay nananatiling buhay sa katawan ng reyna, na nagbibigay sa kanya ng patuloy na pagiging mataba, at isinusuko niya ang kanyang buhay upang maging ganito. Ang kanyang kamatayan ay ang pagbibigay-buhay sa isang hukbo ng mga bagong nilalang.

Dito, siyempre, mayroon lamang tayong bahagyang paglalarawan ng dakilang misteryo ng krus; sapagkat bagama't ibinigay ng Diyos ang Kanyang buhay para sa paglikha ng mga bagong nilalang, hindi Siya nawawalan ng pag-iral, dahil Siya mismo ang buhay. Ngunit walang isang bagay sa kalikasan ang maaaring ganap na kumatawan sa Diyos; ang bawat bagay ay kumakatawan sa isang partikular na yugto; at ang kaso ng bubuyog ay malinaw na nagbibigay-pansin sa atin ng katotohanan na ang buhay ay dumarating lamang sa pamamagitan ng pagbibigay ng buhay, at tinutulungan tayo nitong makita na ang krus ay ang batas ng paglikha—isang pangangailangan na nagmumula sa mismong pagkatao ng Diyos.

ANG PUNONG MAY BUNGA

Ang parehong katotohanan, ang misteryo ng krus, ng buhay sa pamamagitan ng kamatayan, sa pamamagitan ng pagbibigay ng buhay, ay itinuturo ng puno ng prutas. Ang bunga ay ang buhay ng puno. Sa pagkain ng bunga, kinakain natin ang buhay ng puno, at sa gayon ay natatanggap natin ang lakas nito. Na ang puno ay talagang nagbibigay ng buhay nito sa pamumunga, ay alam na alam ng bawat hardinero, na maingat na nagbabantay sa kanyang mga puno mula sa labis na ani, upang hindi ito mamatay. Naaalala ko nang husto ang isang puno ng mansanas, noong ako ay bata pa, na sa unang taon ng pagkakaroon nito ay natatakpan ng mga bulaklak, at, nang hindi naabala, ay nagbunga ng tatlumpu't limang magaganda at malalaking mansanas hanggang sa maging perpekto. Ngunit ang unang taon nito ang huli, dahil ibinuwis nito ang lahat ng buhay nito sa pagperpekto ng prutas na iyon. Ito ay isang pambihirang kaso, ngunit nagsisilbi itong ilarawan sa malinaw at matalas na linya ang aral na ang pamumunga ay ang pagbibigay ng buhay. Ang punong nasa

hustong gulang ay nagbibigay ng buhay sa bungang ibinubunga nito, ngunit hindi namamatay, dahil mayroon itong mas masaganang buhay, na kumukuha, tulad ng ginagawa nito, ng buhay mula sa Pinagmumulan ng buhay. Sa gayon, itinuturo sa atin ng puno ang parehong aral na ginagawa ng bubuyog, ngunit mas perpekto.

"INILIGTAS NG KANYANG BUHAY"

"Kung noong tayo'y mga kaaway pa, tayo'y pinakipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak, lalo na ngayong pinakipagkasundo na tayo, maliligtas tayo sa pamamagitan ng kaniyang buhay." Roma 5:10.

Naparito si Cristo, upang tayo'y magkaroon ng buhay, at upang tayo'y magkaroon nito nang sagana. Juan 5:10. Ang ating kaligtasan ay bunga lamang ng mas masaganang buhay ni Cristo sa pamamagitan ng krus.

Ito ay inilarawan sa Kanyang mga himala ng pagpapagaling, na naitala "upang kayo'y maniwala na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Diyos; at sa paniniwalang kayo'y magkaroon ng buhay sa pamamagitan ng Kanyang pangalan." Juan 20:31. Ang pagpapagaling ay kaligtasan. Kapag pinagaling ni Jesus ang isang tao, madalas niyang sinasabi, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Ang salitang “pagalingin," na nangangahulugang gawing buo, ay madalas na nagmumula sa Bagong Tipan mula sa salitang Griyego (sozo) na magligtas.

Ang pagpapagaling ng sakit ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng buhay, sapagkat ang sakit ay simula lamang ng kamatayan. Sa

tuwing pinapagaling ni Hesus ang mga maysakit o binubuhay ang mga patay, ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng paggamit ng Kanyang sariling buhay. Siya ang tinapay na buhay na bumaba mula sa langit, upang ibigay ang Kanyang buhay para sa buhay ng sanlibutan. Ang pagpapagaling sa babaeng inaagasan ng dugo (Marcos 5:24-34) ay isang tipikal na halimbawa na naglalarawan sa katotohanang ito. May isang babaeng mahirap na nag-aalab ang kanyang dugo. Nang marinig niya ang tungkol kay Hesus, lumapit siya sa karamihan sa likuran, at hinipo ang Kanyang damit; "sapagkat sinabi niya, Kung mahihipo ko man lamang ang Kanyang damit, ako ay gagaling. At pagdaka'y natuyo ang kanyang agas ng dugo; at naramdaman niya sa kanyang katawan na siya ay gumaling na sa salot na iyon." **At pagdaka'y nalalaman ni Jesus sa kaniyang sarili na may umalis na kapangyarihan sa kaniya, kaya't humarap siya sa karamihan at nagsabi, Sino ang humipo ng aking damit?"**

Nakikita natin dito na ang pagpapagaling sa mga nagdurusa ay isang kahilingan sa Kanyang buhay. Sa pagpapagaling sa kanila, ibinigay Niya ang Kanyang sariling buhay sa kanila. Tinugunan ng Kanyang kapuspusan ang kanilang kakulangan. Ang kaso ng babae ay hindi lamang nag-iisa; sapagkat mababasa natin na nang Siya'y bumaba mula sa bundok, "ang lahat ng mga tao ay nagsikap na mahipo Siya; sapagkat may kapangyarihang lumabas sa Kanya, at pinagaling silang lahat." Lucas 6:19. Yamang naramdaman Niya ang bigat sa Kanyang puwersa ng buhay nang isa lamang ang humipo sa Kanya, isipin kung ano ang naramdaman nang ang mga tao ay kumuha ng kapangyarihang magpagaling mula sa Kanya. Kay laking impluwensya ang nagawa sa Kanyang buhay**. Maliwanag na dahil ang buhay ay umalis sa Kanya bilang tugon sa bawat paghipo, ang hindi maiiwasang resulta ng paghipo ng karamihan ay ang**

Kanyang kamatayan, kung hindi Siya palaging nakaugnay sa bukal ng buhay. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay, ngunit nabuhay Siya. Ano pa ang mayroon tayo rito kundi ang hiwaga ng krus sa harap ng Kalbaryo? Habang Siya ay naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo, iniaalay Niya ang Kanyang buhay para sa mga kapatid, tulad ng tunay na nangyari nang ibigay Niya ang Kanyang buhay sa Kalbaryo. Gayundin ang ginawa Niya nang pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay ay hiningahan Niya ang Kanyang mga alagad, at sinabi, "Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo."

Napakasimple ng lahat, ngunit napakaganda. Nakikita natin ang krus na nagbibigay-buhay, at kinikilala natin na sa krus tayo nabubuhay, gumagalaw, at mayroong ating pagkatao; sapagkat ang krus ay ang paghahayag ng Diyos na lumilikha ng lahat ng bagay, at nagtataguyod at nagpapanumbalik ng mga bagay na nilikha.

PERSONAL NA PAGLALAPAT NG ARALIN

Ang Ebanghelyo ay kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat isa na naniniwala; at ang pangangaral ng krus ay kapangyarihan ng Diyos para sa atin na naliligtas. Mga Taga-Roma 1:16; 1 Corinto 1:18. Ngunit ang krus ay higit pa sa ating sariling kaligtasan; nangangahulugan ito ng ating pakikiisa sa Diyos, ang Tagapagbigay ng buhay, upang maging katuwang Niya sa pagbibigay nito sa iba; sapagkat, sabi ni Cristo, "Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng Kasulatan, mula sa kanyang tiyan ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay." Juan 7:38. Ang agos ng buhay na dumadaloy mula sa Diyos patungo sa atin ay hindi dapat hadlangan sa atin; nangangahulugan

ito ng pagtigil at kamatayan. Nagawa na natin ito, sa ating malaking kawalan. Kaya naman si Cristo ay itinaas sa harap natin sa krus, upang, sa pagkakita sa Kanya, tayo ay maakit sa Kanya, at makasama sa kaluluwa, ang batas, ng sansinukob. Dapat nating matutunan na ang buhay ay nangangahulugan ng pagbibigay. Dapat nating haya-ang maalis ang hadlang na namagitan sa atin dahil sa ating pagkama-kasarili, upang, habang ang buhay ay dumadaloy pa- tungo sa iba, ang bagong buhay mula sa Diyos ay dumaloy papasok.

"Dito natin nalalaman na tayo'y nagsisiibig, sapagka't ibinigay niya ang kaniyang buhay dahil sa atin; at nararapat din naman nating ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid." 1 Juan 3:16. Inialay Niya ang Kanyang buhay, upang kunin Niya itong muli. Sa pamamagitan ng pagbibigay nito, pinanatili Niya ito, sa gayon ay ipinapakita sa atin na ang sinumang mag-ingat ng kanyang buhay ay mawawalan nito, at ang sinumang mag-alay ng kanyang buhay ay maililigtas ito.

"May taong nagbibigay nang sagana, ngunit lalo pang yumayaman; at may taong nagkakait ng higit sa nararapat, ngunit nauuwi lamang sa kahirapan." Mga Kawikaan 11:24**. Ito ang aral na itinuturo ng krus. Ang binhing iniimbak, ay nananatili nang mag-isa. Higit pa rito, kung ito ay itatago nang masyadong matagal, nawawalan ito ng kapangyarihang magparami.** Minsan ay naririnig natin ang trigo na natagpuan sa kamay ng isang mummy na Ehipsiyo, na, pagkata-pos ng daan-daang taon sa kamay ng kamatayan, ay inihasik, at nag-bunga ng ani; ngunit ang kuwento ay isang pabula, sapagkat walang binhi ang makapagpapanatili ng kapangyarihang magbigay-buhay nang ganito katagal. Ang ilang mga binhi ay nagpapanatili nito nang mas matagal kaysa sa iba; ngunit ang pinakamahabang panahon na

ang anumang kilalang binhi ay mananatili sa sigla nito kung hindi gagamitin ay tatlumpung taon. Kung hindi ito mahuhulog sa lupa at mabubuhay bago ang panahong iyon, ito ay dapat manatiling mag-isa.

Kaya tayo, kung nais nating mabuhay, dapat nating ibigay ang ating buhay. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinakamahusay na mayroon tayo, mas marami tayong nakukuha. Ang gantimpala ng paglilingkod ay ang kapangyarihan tungo sa mas dakila at mas mabuting paglilingkod. Ang biyaya ng Diyos ay nagdudulot ng kaligtasan (Tito 2:11), hindi lamang sa atin, kundi sa pamamagitan natin, sa iba. Sinabi ni Apostol Pablo, "Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako nga; at ang Kanyang biyaya na ipinagkaloob sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan; kundi ako'y nagpagal nang higit kaysa kanilang lahat; gayon ma'y hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na sumasa akin." 1 Corinto 15:10. "Kaya nga, bilang mga kamanggagawa Niya, ay ipinamamanhik namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan."

Ang Kahulugan ng Krus

Ipinakilala ni Elder Waggoner ang isang mahalagang prinsipyo kaugnay ng krus. Sinabi niya:

> Ang krus ay hindi isang natatanging bagay, na nakatayo nang mag-isa, kundi ang pagpapahayag ng lahat ng batas ng buhay. Hindi ito isang bagay na nilikha ng Diyos pagkatapos ng pagbagsak ng tao, kundi ang pagpapatu- loy ng kung paano nilikha ang tao. Hindi ito isang bagay na naisip lamang sa bandang huli, kundi ang orihinal na kaisipan ng Diyos, at ang kabuuan ng Kanyang kaisipan mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan.

Ang krus ay hindi isang biglaang hakbang upang tugunan ang isang panahon ng kagipitan o krisis. Hindi ito isang bagay na ginawa bilang isang arbitraryong tugon bilang reaksyon sa kasalanan. Ito ang walang hanggang prinsipyo ng buhay na nagtatakwil sa sarili ng Diyos na nahayag sa sangnilikha.

Ito ang sikreto ng pagtulog ni Adan sa hardin bago pa man nilikha si Eba. Ang pagtulog ay kumakatawan sa kamatayan, isang kamatayan sa sarili upang magbunga ng buhay. Ito ay isang kamatayan dahil ang pagbibigay-buhay sa iba ay may kasamang panganib, at ang anu- mang pagdurusa ng taong nilikha ay nagdudulot ng kalungkutan at pagdurusa sa taong nagbigay nito.

Nang ipanganak ng Diyos ang Kanyang Anak, itinanggi Niya ang Kanyang sarili, at dumanas ng lahat ng posibleng pagdurusa na darating sa Kanyang Anak. Kapag tayo bilang mga magulang ay may mga anak, tayo ay malapit na konektado sa kanila at dumaranas ng kagalakan at sakit na kanilang pinagdadaanan. Ito ay isang krus na dapat pasanin.

Kaya naman, ang kamatayan ni Hesus sa krus ay ang pagdakila ng isang walang hanggang prinsipyo, ang pagbibigay ng sarili sa iba para sa kanilang kapakinabangan at pagpapala.